# Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan ______________________________ Petsa ________________ Marka ___/20

## Pagtukoy ng aspekto ng pandiwa

*Panuto:* Tukuyin ang aspekto ng pandiwa na may salungguhit. Isulat sa patlang ang titik **A**, **B**, o **C** kung saan:

**A** = Aspektong Pangnagdaan/Naganap/Perpektibo;

**B** = Aspektong Pangkasalukuyan/Nagaganap/Imperpektibo; at

**C** = Aspektong Panghinaharap/Magaganap/Kontemplatibo.

---

______ 1. Ang mga magsasaka ay nagtatanim ng palay.

______ 2. Hiniram ni Emily ang aklat ko.

______ 3. Maglalaro kami ng *chess* mamayang hapon.

______ 4. Iinom ako ng gamot para gumaling ako.

______ 5. Si Ate Minda ang naglinis ng kusina.

______ 6. Hinahatid kami ni Kuya Ronnie sa paaralan tuwing may pasok.

______ 7. Ang mga bata ay nanonood ng *Ben 10* sa telebisyon.

______ 8. Sino ang sumagot ng telepono?

______ 9. May naisip ka na bang plano?

______ 10. Tahimik na nagbabasa ang mga mag-aaral.

______ 11. Sinulat ko sa papel ang mga dapat mong gawin.

______ 12. Si Tita Bea ang gumawa ng keyk na ito.

______ 13. Kakain pa ba kayo ng keyk?

______ 14. Si Helen ang nag-aalaga sa pusang iyan.

______ 15. Marami kaming lumang gamit na ibebenta sa *garage sale.*

______ 16. Gagamit ako ang diksiyonaryo para malaman ko ang kahulugan ng salitang iyon.

______ 17. Umiiyak ang bata dahil nadapa siya.

______ 18. Napansin mo ba ang takdang-aralin na nakasulat sa pisara?

______ 19. Umupo ka muna dahil nagbibihis pa si Eva.

______ 20. Yayakapin ko nang mahigpit si Nanay pag-uwi ko.

LIVEWORKSHEETS